Headline	Sin tax bill namimiligro sa huling linggo ng sesyon
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)
Date	27 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Sin tax bill namimiligro sa huling linggo ng sesyon

HIHILINGIN ni Senador Win Gatchalian kay Senate Ways and Means Committee Chairman Sonny Angara ang paliwanag sa kanyang rekomendasyon na gawing limang taon ang pagtataas ng buwis sa sigarilyo hanggang umabot sa P60 ang buwis.

Sa panukala ni Gatchalian, nais nitong gawing P70 ang buwis sa sigarilyo upang madoble ang koleksyon ng gobyerno para gamitin sa implementasyon ng Universal Health Care Law.

Bukod aniya sa pagpapataas ng koleksyon sa buwis, malaking bagay ang pagtataas ng sin tax para sa mabawasan ang bilang ng mga naninigarilyo lalo na ang mga bata.